4

# Gawaing Pampagkatuto sa GMRC

Kuwarter 4

Linggo 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC**
**Kuwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cristy D. Sagun, Nimfa S. Medriano, Marilou Dolz, Minerva Muńoz |
| **Content Editors:** | Mary Ann Grace B. Dulay, Marides S. Datu |
| **Mechanical Editors:** | Gina A. Amoyen |
| **Tagaguhit:** | Mark Jay Q. Bongolan |
| **Tagalapat:** | Abraham G. Ocan, Liliosa B. Palce, Patricia Ulynne F. Garvida |
| **Enhanced by:** | Emelda A. Ozaraga |
| **External Content Validators:** | Catherine C. Elegido, Irene de Robles |
| **External Language Validator:** | Ruen P. Lomo |

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105
Telefax: (02) 85229412
Email Address: ncr@deped.gov.ph

# MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Asignatura* | GMRC | *Markahan* | 1 |
| *Linggo* | 6 | *Araw* | |
| *Pamagat/Paksa ng Aralin* | **Pag-unawa sa Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman** | | |
| *Pangalan* | | *Baitang at Seksiyon* | 4 |

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **1** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pag-unawa sa Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman.** |
| *Layunin:* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **worksheet, lapis, papel** |
| *Laang-Panahon:* | **40 minuto** |

**Panuto:** Upang higit na matutuhan ang mga mahahalagang salita mula sa aralin, ibigay o isulat ang mga nawawalang letra upang mabuo ang mga salita.

**1. p _ e _k _**

Tumutukoy sa kaaya-ayang kondisyon o temperatura na nagbibigay kaginhawaan at sariwang pakiramdam.

**2. _ a g _u lu _t i _ n**

Kulay berde ang paligid

**3. s a _ y _**

Halimuyak, bango

**4. d _ k _**

Direksyon, patunguhan, gawi, puntahan

**5. _ i t _ k**

Punong-puno ng bunga, maraming-maraming bunga, sobrang dami kapag ito ay tumutukoy sa isang pananim.

**Tala para sa Guro:**

Ang worksheet na ito para sa unang araw ng leksyon ngunit maaaring gamitin para sa pangkalahatang aralin sa loob ng isang linggo.



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**

Mungkahing pamamaraan para mapahaba ang gawain para sa mga higit na mahusay na mag-aaral (*advanced learners*) o kung paano magkakaroon ng pag-iiba-iba (*differentiation*) para sa mga makakaibang lebel ng kasanayan.

| |
|---|
| Tandaan na ang format na ito ng pahinang gawaing pampagkatuto ay maaaring maiba upang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, asignatura, at kahingiang lebel ng mga detalye. Kailangan lamang ng malinaw na panuto, makapukaw interes na mga gawain, at kinakailangang kagamitan na tutulong sa mga mag-aaral na matamo ang inaasahang kasanayang pampagkatuto. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **2** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pag-unawa sa Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman.** |
| *Layunin:* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **worksheet, lapis, papel** |
| *Laang-Panahon:* | **40 minuto** |

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga sumusunod na mga salita at gamitin sa pangungusap.

1. linangin
2. katiwala
3. pagpapanatili

| |
|---|
| - Paunlarin<br>- Tao na pinagkakatiwalaan upang mamahala sa isang gawain<br>- Pagpapatuloy at pagpapaunlad |

**Panuto:** Basahing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang letra ng tamang sagot sa bawat katanungan.

1. Nakatira kayo sa syudad. Walang bakanteng lote na mapagtataniman ngunit nais mong makilahok sa proyektong pagtatanim ng gulay. Ano ang iyong gagawin?
   a. Bibili ako ng artipisyal na halaman
   b. Magtatanim ako sa mga lumang plastik, sirang sapatos, lata, paso o balde at palanggana.
   c. Magdadalawang-isip na sasali dahil walang puwedeng pagtaniman.
   d. Hayaan ang mga magulang na lumahok sa proyekto.

2. May proyekto ang inyong barangay. Ito ay ang pagtatanim ng mga halamang namumulaklak sa tabi ng kalye upang gumanda ang inyong kapaligiran. Paano ka lalahok dito?
   a. Pabayaan sila sa kanilang ginagawa.
   b. Lalapit ako sa mga namamahala sa proyekto at aalamin kung paano ako makatutulong.
   c. Ako ang kukuha ng kanilang larawan.
   d. Magkukunwari na wala akong alam sa proyekto.


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

3. Ang inyong pamayanan ay naglunsad ng proyektong "Magtipon ng Buto at Binhi" para sa pagtatanim ng gulay sa buong lugar. Paano mo ibabahagi ang iyong oras?
    a. Itatapon ko ang mga binhi sa likod-bahay at hayaan itong tumubo roon.
    b. Magtitipon ako ng mga binhi at buto at ibibigay ko ito sa namamahala ng nasabing proyekto.
    c. Ayoko sa ganitong proyekto.
    d. Bibili ako ng buto at binhi at ipamimigay sa kapitbahay.

4. Ang NSTP ng isang kolehiyo na malapit sa inyong lugar ay maglulunsad ng programang "Gulayan sa Pamayanan" na makatutulong sa inyong lugar. Ano ang iyong gagawin?
    a. Iiwasan kong dumalo dahil alam ko na ang ibig sabihin nila.
    b. Wala akong pakialam sa pagtatanim ng gulay sa aming pamayanan.
    c. Dadalo ako sa isasagawang paglulunsad ng proyekto.
    d. Wala akong pakialam sa proyektong ilulunsad.

5. Ang pangulo ng Sangguniang Kabataan ng inyong barangay ay nagpapatawag ng pulong sa mga kabataan para maglunsad ng proyektong "Halamang Gamot Para sa Kalusugan." Paano mo ibabahagi ang iyong oras sa proyektong ito?
    a. Hindi ako interesado sa nasabing proyekto.
    b. Magdadahilan ako na hindi ako pinayagan ng aking magulang.
    c. Dadalo ako sa pulong dahil naniniwala ako na maganda ang maidudulot ng proyektong ito sa aming lugar.
    d. Hahayaan ko ang aking mga kapatid na sila lamang ang sasali sa proyekto.

**Tala para sa Guro:**

Ang worksheet na ito para sa unang araw ng leksyon ngunit maaaring gamitin para sa pangkalahatang aralin sa loob ng isang linggo.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**

Mungkahing pamamaraan para mapahaba ang gawain para sa mga higit na mahusay na mag-aaral (*advanced learners*) o kung paano magkakaroon ng pag-iiba-iba (*differentiation*) para sa mga makakaibang lebel ng kasanayan.

| |
|---|
| Tandaan na ang format na ito ng pahinang gawaing pampagkatuto ay maaaring maiba upang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, asignatura, at kahingiang lebel ng mga detalye. Kailangan lamang ng malinaw na panuto, makapukaw interes na mga gawain, at kinakailangang kagamitan na tutulong sa mga mag-aaral na matamo ang inaasahang kasanayang pampagkatuto. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **3** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pag-unawa sa Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman.** |
| *Layunin:* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **worksheet, lapis, papel** |
| *Laang-Panahon:* | **40 minuto** |

**Panuto:** Lagyan ng ang patlang kung ✓ ang pangungusap ay nagpapakita ng sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman sa kapaligiran at X kung hindi.

_____ 1. Pagtatanim ng mga halamang namumulaklak sa ating bakuran.
_____ 2. Pagtatanggal ng mga dami sa halamanan.
_____ 3. Paglalagay ng bakod sa mga halamanang gulay.
_____ 4. Nalimutang diligan ang mga halamanang itinanim.
_____ 5. Paglalagay ng mga pataba sa mga pananim.

**Panuto:** Lagyan ng bituin ⭐ ang kolum kung gaano mo kadalas ginagawa o ipinapakita ang pagpapahalaga sa mga puno at halaman at sa ating kalikasan.

| | Madalas | Paminsan-Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa biyaya ng kalikasan. | | | |
| 2. Ginagamit ko nang wasto ang biyaya ng kalikasan. | | | |
| 3. Sinisira ko ang mga puno't halaman na tinitirahan ng mga ibon. | | | |
| 4. Inaalagaan ko nang buong husay ang biyaya ng kalikasan. | | | |
| 5. Sumasali ako sa proyektong nagtataguyod sa kaligtasan ng kalikasan. | | | |

Isulat ang iyong natutuhan mula sa araling tinalakay.

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
___________________________________________.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Tala para sa Guro:**

Ang worksheet na ito para sa unang araw ng leksyon ngunit maaaring gamitin para sa pangkalahatang aralin sa loob ng isang linggo.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**

Mungkahing pamamaraan para mapahaba ang gawain para sa mga higit na mahusay na mag-aaral (*advanced learners*) o kung paano magkakaroon ng pag-iiba-iba (*differentiation*) para sa mga makakaibang lebel ng kasanayan.

| |
|---|
| Tandaan na ang format na ito ng pahinang gawaing pampagkatuto ay maaaring maiba upang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, asignatura, at kahingiang lebel ng mga detalye. Kailangan lamang ng malinaw na panuto, makapukaw interes na mga gawain, at kinakailangang kagamitan na tutulong sa mga mag-aaral na matamo ang inaasahang kasanayang pampagkatuto. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | |
|---|---|
| ***Gawain Blg:*** | **4** |
| *Pamagat/Paksa ng Gawain:* | **Pag-unawa sa Sariling Gawi sa Pangangalaga sa mga Puno at Halaman.** |
| *Layunin:* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa sariling gawi sa pangangalaga sa mga puno at halaman. |
| *Kagamitang Kailangan:* | **worksheet, lapis, papel** |
| *Laang-Panahon:* | **40 minuto** |

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang pangungusap ay wasto at **Mali** naman kung hindi wasto

____________ 1. Tayo ay katiwala ng Diyos sa pangangalaga ng ating kapaligiran.

____________ 2. Ang kapaligiran ay itinuturing nating tahanan kaya't mahalagang ito ay ingatan at palaguin.

____________ 3. Ang pakikilahok sa pangangalaga ng mga puno at halaman ay nagpapakita ng pakikiisa sa pagmamahal sa kapaligiran at kapwa.

____________ 4. Nagdudulot nang maayos na paghinga at pamumuhay ang pagkakaroon ng halaman at puno sa ating paligid.

____________ 5. Ang pag-iingat sa kapaligiran ay tungkulin lamang ng matatanda na ating kasama sa bahay at sa ating kumunidad.

**Panuto:** Isulat sa Hanay A ang iyong mga sariling gawi sa pangangalaga ng mga puno at halaman. Isulat sa Hanay B ang mga dahilan kung bakit mo ito gagawin sa araw-araw?

| **Hanay A**<br>Sariling Gawi | **Hanay B**<br>Bakit mo ito gagawin? |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

Dugtungan ang pangungusap.

Ang pagpapatuloy ng mga sariling gawi sa pangangalaga ng mga puno at halaman ay ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang *star* ⭐ kung kaya mo itong gawin at *sun* 🌞 kung di kayang gawin.

1. Pagdidilig ng mga halaman sa tahanan at sa paaralan.
2. Pagsali sa patatanim ng puno sa pamamagitan ng Tree Planting.
3. Pagiging malinis sa tahanan, pamayanan at paaralan.
4. Paghihikayat sa aking mga magulang at na magtanim at maglinis ng  kapaligiran.
5. Pinapaarawan ko ang mga halaman sa tahanan at paaralan.

**Pagninilay**

Panuto: Gumuhit ng isang kamay. Isulat ang sagot sa gabay na tanong.



1. Paano nakakatulong ang mga puno at halaman sa pagpapabuti ng kalusugan ng tao, kaayusan at kalinisan sa kapaligiran?

2. Paano ka maging responsable sa pangangalaga sa mga puno at halaman?

This Photo by Unknown Author is licensed under CC BY-SA



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

**Tala para sa Guro:**

Ang worksheet na ito para sa unang araw ng leksyon ngunit maaaring gamitin para sa pangkalahatang aralin sa loob ng isang linggo.

**Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):**

Mungkahing pamamaraan para mapahaba ang gawain para sa mga higit na mahusay na mag-aaral (*advanced learners*) o kung paano magkakaroon ng pag-iiba-iba (*differentiation*) para sa mga makakaibang lebel ng kasanayan.

| |
|---|
| Tandaan na ang format na ito ng pahinang gawaing pampagkatuto ay maaaring maiba upang umangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, asignatura, at kahingiang lebel ng mga detalye. Kailangan lamang ng malinaw na panuto, makapukaw interes na mga gawain, at kinakailangang kagamitan na tutulong sa mga mag-aaral na matamo ang inaasahang kasanayang pampagkatuto. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph